PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrice.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | **www.pinoyrice.com**

Paghahanda ng Binhi

Kung inbred na barayti, sapat na ang 20-40 kilo ng mataas na kalidad gaya ng sertipikadong binhi sa isang ektarya. Kung hybrid naman ay sapat na ang 15-20 kilo.

Sa ganitong dami ay mas magiging malulusog at matitibay ang mga puno at ugat ng mga punla dahil hindi mag-aagawan ng sustansya ang mga ito.

Ang lalagyan ng binhi ay dapat:

Malinis – upang masiguradong walang halong ibang buto

Matibay – upang mababad man sa tubig ay hindi mabubutas

Maluwag – upang makasipsip nang sapat na tubig ang mga buto sa loob ng 12-24 oras.

Ibabad sa loob ng 12-21 oras sa malinis na tubig upang maiwasan ang mikrobyo na posibleng pagmulan ng sakit ng palay.

Ang sobrang pagkukulob ay nagiging sanhi ng hindi pagtubo o pagkasira ng butil.

Kulubin sa may maayos na bentilasyon at huwag pagpatung-patungin para makapasok ang hangin at maiwasan ang sobrang pag-init ng binhi. Panatilihing mamasa-masa ang binhi hanggang sa lumabas ang puting laman ng unang ugat.

Isabog agad ang tumubong punla para maiwasan ang pagkumpol-kumpol ng ugat.

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice